

SABIK na, talagang excited na si Daddy Jolo at konting panahon lang ang ipaghihintay ng kongresista ng Unang Distrito ng Cavite at mahahawakan na, mahahalikan ang unang bunga ng kanilang pagmamahalan ng byuting misis niya, si Ma'am Angel.

Sabik na rin si Lolo Sen. Bong at Lola Congw. Ate Lani na makita ang bago nilang apo.

Tiyak malaking selebrasyon ang magaganap sa pagsilang ng celebrity baby girl Revilla! / ET II



*Masuyong hinahalikan ni Cong. Jolo Revilla ang mapintog na tiyan ng misis niyang si Angel, patunay ng pagkasabik sa nalalapit nitong pagsisilang ng unang anak nilang babae.*



*Tatlong makikisig na lingkod bayan ng GenTri City: Mula sa kaliwa -- Congressman Ony Ferrer, Mayor Jonjoin Ferrer, at Vice Mayor Labuguen,*

# Team GenTri People's Day: Sama-sama sa matapat na serbisyo P4

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 17 | 10.00 | JANUARY 22 - 28, 2024

# PBBM: Remember the brave SAF 44

President Marcos reminded the public to remember the brave Special Action Force (SAF) 44 policemen who displayed courage to secure peace in the country nine years ago.

"Huwag nating pabayaan ang kapayapaan na kanilang ipinaglaban. Sa

See page 2



*President Marcos leads the wreath-laying ceremony on the 9th death anniversary of the SAF 44.*

## HindiMOO-Eperayan!



## Here n There

## Mary Rose Guiral, waging Miss Universe Philippines –Naic 2024



## REVANZE

## PI ng House, ayaw ng Senado



## MY CUP OF COFFEE

# Imus LGU prolongs tax payment deadline See Page 2

# Special exhibit, serye ng 2024 HANDA forum idinaos sa Kamara see P.4

# Imus LGU prolongs tax payment deadline

Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula announced Friday, January 20 the extension of the deadline for the filing of applications for business permits and licenses as well as the payment of taxes and fees to January 31, 2024.

The extension will give businesses more time to process their documents without paying any penalties, Mayor Advincula said.

The mayor added that the extension is contained in a resolution passed by the Imus City Sanggunuan with Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan serving as presiding officer.

Vice Mayor Saquilayan said the extension was approved in response to the clamor of residents who wanted more time to complete the process.

Taxpayers may visit the Business One Stop Shop (BOSS) at the Imus Sports Complexz at Barangay Poblacion and the new City Government Center.



Mayor Alex Advincula



VM Homes Saquilayan

These are open from 8 am, to 7 pm Mondays to Fridays, and 8 am to 4pm on Saturdays. / DBCaoile

# Tara na sa Inukit Site sa Maragondon

TALAGANG pursigido ang pamahalaang bayan ng Maragondon na maakit ang mga turista sa kanilang bayan, at isa sa pinakabaong atraksyon ay ang Inukit Site.

Mga inukit sa bato na imaheng mula sa Biblia ang makikita sa Barangay Caingin, sabi ni Mayor Umbe Arca, na kahanga-hangang pagmasdan na gawa ng magaling na kamay ng magkapatid na Valerio at Oscar Suarez.



Mayor Umbe Arca

Sa larawan, makikita ang inukit na replica ng Last Supper, Pieta, Virgin and the Christ, at ni Jesus Christ.

Sabi sa Facebook ni Mayor Arca, perfect place ang Brgy. Caingin Inukit Site na dalawin, lalo na sa panahon ng Kuwaresma at "Visita Iglesia."

Itong inukit sa bato na imaheng mula sa Banal na Kasulatan ay isang patotoo sa pagiging "relihiyoso" ng mga mamayan ng Maragondon. /BABY GENE TAN




# PBBM... from page 1

pagpupugaysa SAF-44,patuloy tayong magsisikap tungo sa isang Bagong Pilipinas."( Let us not forget about the peace they fought for. In honoring the SAF 44, let us continue striving towards a New Philippines.)"

The President led the a wreath-laying ceremony on Thursday, January 25 the 9th death anniversary of the SAF 44 at the Philippine National Police Academy (PNPA) in Silang, Cavite.

Marcos said: "Nine years ago, 44 brave men died without seeing the dawn of peace bloom on the land their blood made hallow. Today, we remember their heroism and honor the sacrifice they have made."

The chief executive echoed a call for unity and action against challenges, saying we would also be disrespecting their memory "if we give quarters to those who terrorize our people."

The President stated the importance of reflecting deeply on their sacrifice, motivating everyone to summon the same fighting spirit to build a better future for the nation.

He said that it is now up to the people "who lived, who benefitted from their full measure of devotion to duty, to build a kinder and gentler society, wherein those they have left behind can live in peace and prosperity."

President Marcos added that homage to these heroes can only be paid by earnestly working towards the realization of dreams for family, loved ones, comrades, and the people.

He also extended his heartfelt wishes for the comfort of the loved ones of the SAF 44, urging comrades-in-arms to uphold their memory by unwaveringly defending the ideals and principles they fought for.

The 44 brave SAF commandos lost their lives in a firefight with insurgents during the "Oplan Exodus" police operation to neutralize Malaysian bomb maker and Jemaah Islamiyah leader Zulkifli Bin Hir, alias Marwan in Mamasapano, Maguindanao, on January 25, 2015./ RFC, BB




*Malaking premyo sa Cock Figthing event na gaganapin sa DCC Cockpit Arena, dating Dasmarinas Coliseum, Dasmarinas City. /TH*

# PI ng House, ayaw ng Senado



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

NAGULAT talaga ako: mga babaeng kayse-sexy, maalindog, na pampainit ng dugo ang nakita kong photo at video sa isang --ewan kung ito nga ay Facebook page ni Dasmarinas Vice Mayor Rex Mangubat.

Inaasahan kong makita ay ang magagandang accomplishment ni VM Rex, na sabi nga ng ating kapatid na kolumnistang si Tom Halim (Busisiin Natin) ay talagang ikinasisiya ng Dasmarinenos ang ginagawa sa Sangguniang Panlungsod at bilang acting mayor ng siyudad.

Naghanap ako uli ng ibang FB ng makisig na bise-alkalde pero, iyon ang nakita ko.

May sumasabotahe ba sa magandang imahen ni VM Rex, ha, Sir Tom Halim?

Baka pwede tayong masagot ng Office of the Vice Mayor o ng public information officer ng Dasmarinas.

Kasi nga, noon pa, nag-iimbita kami sa PIO ng Dasma na kung pwede, magpadala sila ng official PR nila, nang makatulong naman kami na maikalat ang magagandang proyekto ng city government, lalo na ang opisina ni Mayor Jenny A. Barzaga at Cong Pidi Barzaga.

Pero, wala po, wala pong response, kaya nag-browse kami sa FB ni VM Mangubat, at iyon nga ang aming nakita.

Baka, pwede po, katotong Tom Halim, mainterbyu natin, hehehe, kasama kami ni Boss Domz Caoile na ma-solo kahit ilang oras lang sa konting tsikahan si Vice Mayor Mangubat, pwede po ba?

Ibang topic naman sabi sa balita, walo (8) o higit pang probinsiya sa North at Central Luzon ang posibleng makaranas ng tag-tuyot (El Nino).

E, ang mga lugar na ito ay siya ngayong rice and vegetable-fruit basket ng Metro Manila, at ano kaya ang magiging solusyon dito ng Ɖepartment of Agriculture at ng Department of Environment and Natural Resources at ng DOST?

Ang PR, magkakaroon daw tayo ng surplus harvest sa bigas at gulay ngayong Disyembre at tigil muna ang importation ng agri products, sabi ng DA, at pag kinapos, sa July o August na lang mai-iimport.

Para raw matulungan ang mga farmers at mga agri producers, pero alam nyo ba, umaabot na sa P65 at P75 per kilo ng bigas.

Paano na ang mahihirap, aasa na lang sa ayuda, ambag, abuloy, limos mula sa gobyerno? @@@

Sinabihan na ni PBBM, itigil na ang "People's Initiative" (PI), pero sige pa rin ang ng House of Romualdez,

*Sundan sa pahina 6*




*Dasmarinas Vice Mayor Rex Mangubat*

# Unahing solusyonan ang kahirapan

UNLIMITED na, tuloy-tuloy ang pagtaas ng mga bilihin sa araw-araw nating pangangailangan, pero ang sahod ng karaniwang family wage earner, nananatiling nakapako.

Kungdi pa magmakaawa, hindi madaradagdan, pero ang tanong mga suki, nasaan ang mga pangako ni Presidente Bongbong Marcos -- gagawin niyang P20 kada kilo ng bigas, itataas ang kalidad ng pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino, at magiging Bagong Pilipinas tayo.

Imbes na tulungan ang mga magsasaka, karaniwang trabahador, ordinaryong kawani ng gobyerno at ng pribadong kompanya, ano ang inuuna?



BUSISIIN NATIN

by Tom Halim

Charter Change o Cha-Cha, PBBM, mga lawmakers, government economic manager, unahin ang kahirapan, kakulangan ng serbisyo, mataas na singilin sa koryente, tubig,. gasolina, transportasyon, edukasyon, magastos na pagpapagamot, at ang korapsiyon.

Pagpapapirma sa PeopleIs Initiative (PI) ang inuuna ng Kongreso kapalit ng ayuda at pera, ano ba 'yan, parang vote buying na iyan!

Kayo po ba, mga suki naming readers ng BantayBalita, pabor ba kayo sa Cha0-Cha na hindi ipinapaliwanag sa atin kung ano ang babaguhin sa ating Konstitusyon?

@@@

Baguhan pero lahat ay pinagsisikapang makapaglingkod nang mahusay.

Sa aming interbyu, sinabi ni Barangay San Lorenzo Ruiz 2 Kap Mor Asebias na aksyonan ang mga problema ng mga nasasakupan, saka na ang mga pangangailangan ng kanilang tanggapan.



San Lorenzo Ruiz 2 Kap. Mor Asebias

Unahin ang pananatili ng katahimikan at kaayusan sa barangay, at ang serbisyo sa kalusunan, lalo na sa emergency response.

At ang paglalagay ng closed-circuit television (CCTV) camera sa buong barangay,

Ani Kap Mor, malaki ang maitutulong sa pagresolba ng kriminalidad kung makukuha ng CCTV camera ang mga pangyayari, 24/7 sa buong barangay.

At ang mga nagbabalak gumawa ng krimen, magdadalawang-isip, kasi alam nila, hindi nila maitatago ang kanilang gagawing masama sa kapwa.

@@@



Kap Roldan

Humingi ng konti pang pang-unawa si Barangay San Lorenzo Ruiz 1 Kapitan Roldan Viajeror sa kanyang nasasakupan.

"Inaayos pa po natin ang ating badyet sa mga programa na ating ipatutupad para sa kabutihan natin," sabi ni Kap Roldan sa aming panayam kamakailan.

Sabi pa niya, wala siyang gaanong naiwang pondo sa pag-upo niya kaya maraming kailangang ayusin at di-agad maaksiyon sa mga kakulangan sa barangay.

Tulad ng CCTV camera, na maliit na ang monitor, kung sa sasakyan, pupugak-pugak na.

"Konti tiis pa po, ginagawa namin ang lahat upang masolusyonan ang mga problema at gagawan namin ng paraan upang makapaglingkod kami nmg matapat at maayos sa inyong lahat," sabi ni Kap RoldaN.

@@@



Sir Edwin Alvaran Sotto

Dating school teacher, dating police officer: siya si Edwin Alvaran Sotto na isa sa nais ng kanyang ka-partido na sama sa line-up bilang Provincial Board Member sa darating na midterm 2025 election sa Dasmarinas City.

Sa panayam namin, sinabi ni Edwin na handa siyang maglingkod kung nanaisin ng kanyang mga kababayan,

"Bata pa naman ako at handa akong ipagllngkod ang aking karanasan, kakayahan bilang Board Member kung papalarin," sabi niya sa amin.

Kilala na mahusay na serbisyo sa pulisya at magaling na guro, isang asset sa Sangguniang Panlalawigan kung maihahalal si Sir Edwin A. Sotto.

Para sa inyong komento: tomhalim1957@yahoo.com

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

HENRY E. CAOILE
*Founder*
DOMZ B. CAOILE
*Publisher*
ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*
ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*
GENE TAPARAN TAN
*Chief of Reporters*
JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*




# Special exhibit, serye ng 2024 HANDA forum idinaos sa Kamara

NABIGYAN ng pagkakataon ang mga kongresista na maunwaan at mapahalagahan ang pagsisikap ng mga lokal na siyentista at mga mapagmalasakit sa kalikasan sa pangunguna ng Department of Science and Technology (DOST) kung paano haharapin, tutugunan at mas mapabibilis ang pagliligtas ng mga nasalanta sa panahon ng kalamidad at krisis sa bansa.

Nangyari ito sa serye ng espesyal na exhibit at forum sa tulong ng DOST Legislative Liaison Office or DLLO, kasama ang House Committees on Science and Technology, Climate Change, and Disaster Resilience, mula Enero 22-24, 2024 sa South Wing Annex ng Kamara (House of Representatives) sa Quezon City.

Pinamagatang e "2024 Handa Pilipinas: Innovation in Disaster Risk Reduction and Management Exposition," nagkaroon ng pagkakataon ang DOST at ang mga siyentista, mananaliksik at iba pang opisyal ng kagarawan na maipaliwanag at maipaunawa ang mahahalagang kaalaman at matitinding problema na kaugnay sa malupit na epekto ng bago, lindol, pagputok ng bulkan, pagguho ng lupa at pagbaha at iba pang kalamidad sa iba-ibang panig ng bansa.

Naipakita ng DOST ang mabibilis na hakbang at nararapat na kilos at gawain upang mapabilis ang pagtugon at mabasawan ang masamang epekto ng iba-ibang panganib na gawa ng kalikasan.
Sumaksi sa 2023 Handa Pilipinas forum ay mga kongresista noong Enero 22, 2024, alas 10 ng umaga sa Women Legislator's Lounge sina Honorable Carlito M. Marquez, 1st District Representative of Aklan at taapangulo ng Committee on Science and Technology; Honorable Alan 1 B Ecleo, Lone District Representative, Dinagat Islands at tagapangulo ng Committee on Disaster Resilience; Honorable Edgar M. Chatto, 1st District Representative of Bohol, tagapangulo ng Committee on Climate Change; at DOST Secretary Renato U. Solidum Jr.

Ipinakita naman ng mga experto ng DOST-Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) and DOST-Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) sa idinaos na sesyo at diskusyon tungkol sa mga panganib ng lindol, tsunami, mabigay na buhos ng ulan, pagbaha at peligro ng malalakas na bagyo, at ang masamang epekto ng El Nina at El Nino sa bansa.

Nagkaroon din ng exhibit tungkol sa Radiation-processed Hemostats, Radiation Monitoring Stations in the Philippines, Nuclear/Radiological Emergency Preparedness and Response Program of the DOST-Philippine Nuclear Research Institute.

Tinalakay rin sa espesyal nma exhibit ang inba-ibang dapat na gawing kahandaan sa panahon ng mga nabanggit na mga kalamidad at peligrong dala ng kalikasan. /PAPI, Nelson Santos

# Team GenTri People's Day: Sama-sama sa matapat na serbisyo

MASUWERTE ang BantayBalita nang masaksihan, kamakailan, ang malugod na pagtanggap ni Gen. Trias City Mayor Jonkjon Ferrer, kasama si Vice Mayor Jonas Labuguen, katuwang si Cavite 6th District Congressman Ony Ferrer sa mga kababayan sa ginanap na People's Day.

Araw ito ng karaniwang mamamayan -- na sa okasyong ito, nailalapit, naidadaing ang mga karaingan, kahilingan at paghingi ng tulong ng mamamayang GenTriseno na agad na inaaksiyonan ng pamahalaang lokal.

Ipinagpasalamat ni Mayor Jonkjon, ayon sa kanyang FaceBook page ang kasiyahan niya na sila na mga opisyal ng pamahalaang lungsod ay nabibigyan po ng pagkakataon na makadaupang palad ang kanilang kababayan at makapagbigay serbisyo sa ating kapwa.

Bawat inilalapit sa kanya, agad-agad na inaaksiyonan ni Mayor Jonjon, kasama si Vice Mayor Jonas.

Wika ni Mayor Ferrer, ang buong Team GenTri, kasama si Cong. Ony, ay patuloy na pag-iibayuhin pa ang paghahatid ng mga programa at proyekto para sa kapakanan ng bawat Gentriseño.

Masdan ang mga larawan ng kapwa Gentriseno na masayang nakikipag-usap sa alkalde na mataimtim na pinakikinggan ang kanilang inilalapit na pangangailangan na madaling inaaksiyonan. /Domz B.C.



# Medical mission in Amadeo


PGC extends health outreach program to the locals of Amadeo.

The Provincial Government of Cavite (PGC) through the collaboration of the Office of the Provincial Governor and Office of the Provincial Health Officer, organized a medical and dental mission in Brgy. Buho, Amadeo, Cavite, on January 19, 2024, benefiting 233 attendees.

GEAMH medical and dental professionals rendered their services with the aim of fulfilling the health needs of the constituents of Amadeo.

The event provided medical check-ups for 182 individuals, and dental extraction treatments were availed by 51 beneficiaries.

Participants received prescription medicines, multivitamins, and mosquito-repellent lotion.

The mission's success was attributed to the combined efforts of Brgy. Chairman Pedro M. Cesicar, SK Chairman Andrew B. Gastardo, and dedicated barangay health workers./OPIO


*Panayam ni Dr. Soya Mori, mula sa Institute of Developing Economies, Japan External Trade Organization (IDE-JETRO), kina Kom. Benjamin M. Mendillo at Kom. Carmelita C. Abdurahman kasama ang Yunit ng FSL. Layunin ni Dr. Mori malaman ang kalagayan ng adbokasiya sa FSL at ang implementasyon ng RA. 11106 sa bansa.*

## Mary Rose... *mula P.8*

Ocampo ang kinoronahang Miss Philippines Naic 2024, at dahil dito, siya ang opisyal na kalahok ng Naic sa gaganaping timpalak na Miss Philippines 2024.

Kabilang sa Top 10 ay sina Cathlyn Tambal Catubo, Palangue Central; Clowee Leen Dualan Pangilinan, Malainen Bago; Jia Trixia San Jose, Ibayo Estacion; Maricar C. de Leon, Labac at Patricia Ann C. Mahinay, Bagong Kalsada.

Itinanghal ding Miss Friendship at Miss Entrepreneurial Spirit si Mary Rose Guiral; waging Miss Photogenic naman si Cathlyn Catubol; waging Best in Swimsuit si Jezreal de Ocampo; napiling Best in Long Gown si Sheela Aniel, Miss Nawaresa, at waging Miss Torres Farm Resort si Jezreal de Ocampo.

Pinasalamatan ni Miss Remulla ang lupon ng mga hurado na sina Beatrice Luigi Gomez, Jojie Lloren, Shamcey Supsup-Lee; nagsilbing host naman sina Ash Aldama Samonez at Samantha Panlilio.

Mula sa amin, BantayBalitaL Congratulations sa lahat ng mga kalahok sa timapalak kagandahan at mga nagwagi, lalo na kay Miss Mary Rose Guiral, ang crowned queen ng Miss Universe Philippines -Naic 2024.

Higit ang pagbati kay Miss Jacinta Remulla sa adbokasiya na maitanghal ang magagandang kalidad, katangian, ganda at talino ng dalangang Naicquena.

Masdan ang larawang kuha sa event na ito.

## PI ng House... *mula sa P.3*

kaya naiinis na si Sen. Imee Marcos kasi, tama ang sabi ng Pangulo, divisive," sige pa rin ang pagpapapirma ng "Yes," para maituloy ng House ang charter change o Cha-Cha.

Alam nyo na, may mangyayaring "Word War" dahil sa PI, kasi nagalit na ang tropa ni Senate Pres. Migz Zubiri, kaya kailan lang, pinagtibay ng 24 na senador ang isang manifesto na sinisibak ang PI ni Martin.

Divisive na nga, banta pa sa demokrasya ang PI, sabi ni SP Migz at sabi ni Sen. Bato dela Rosa, itong PI ni Romualdez ay "politicians' initiative,"

Pero sabi ni House Committee on Ways and Means Chairman Joey Sarte Salceda na itong PI nila ay legal at nasa ayos.

At pag nakuha ang 12 percent na Yes ng PI, at 3 percent bawat congressional district, wala nang magagawa ang mga senador, sabi ni Salceda, "..., over and above the House and the Senate, the people are supreme and sovereign."

Patay na, mabubura na ang Senado, kasi sa Cha-Cha, boboto sila as one body, e paano mananalo ang 24 senador sa mahigit na 300 kongresista ng Kamara kung gawing parliamentary system at gawing Prime Minister si Speaker Romualdez.

Hala, sige, magiyera na kayo!




# HindiMOOEperayan!



**Here n There**

ni ELI TAPARAN ii




TRENDING sa social media ang hastag na #Hindi MOOEperayanl usapin sa legalized corruption at ang ayudang pera at bigas kapalit ng pirma sa People's Initiative (PI) ng House of Representatives.

Kung magtagumpay ang PI ng House of Romualdez, ipinangako naman ni Senate Pres Migs Zubiri kokontrahin nila ito sa Supreme Court dahil ang PI ni Martin ay tinawag niyang peligro ng demokrasya sa Pilipinas.

Teka ito raw Concurrent Resolution No. 10 noong July 25, 2011 ay kontra sa transparency in government na pananagutan ng lahat ng elected and appointed public servant sa makapangyarihang taumbayang Pilipino.

Dahil sa Concurrent Resolution No. 10 na ito, hindi na obligado si honorable kongresman at honorable senador na magpatika ng resibo, o patotoo na maayos ang audit o poagtutuos kung saan, kailan, at paano ginastos ang pera ng sovereign Filipino taxpayers.

Sabi sa Concurrent Resolution No. 10: Maintaining the prevailing system of accounting and liquidation of the respective budgetary allocations of EACH MEMBER of the Senate and the House of Representatives as CLASSIFIED and consistent with applicable accountring and auditing rules.

Ayon sa Concurrent Resolution na ito, pinananatili na CLASSIFIED o sekreto sa taumbayan kung paano ginastos, kung kailan ginastos at kung para saan ginastos ang perang sila mismo ang nagsabi ng halaga na dapat na matanggap ng bawat isang mambabatas ng Kamara at ng Senado.

Sa batas na ito na ginawa ni Senador at ni Congressman, kasama rin na Classified ang perang tinatanggap ng mga kasapi ng Commission on Appointments.

Upang hindi na mabusisi ng Commision on Audit ang pera ibinadyet ni Kong at ni Senador sa sarili nila, ang kailangan lamang, ayon sa Concurrent Resolution No. 10, na gawin ng ating Honborables ay payagan ng COA ang "current system of liquidation by way of certification, duly signed by each Senator and Member of the House of Representatives, that such amounts allocatild to each Member of Congress as part of their Maintenance imd Other Operating Expenses (MOOE) were utilized or expenlied in the performance of their legislative functions..."

Sabi pa sa Resolution: "Now, therefore, be it Resolved, as it is hereby resolved by the Senate, the House of Representatives concurring, That the prevaIling system of accounting and liquidation of the respective budgetary allocations of each Member of the Senate and the House of Representatives as classified and consistent with applicable accounting and auditing rules shall be maintain."

Kung ibulsa at hindi ginastos ang milyones, bilyones pisong ibinadyet ni Senador at ni Congressman sa sarili nila, wala na tayong magagawa pa kung atin silang hingan ng paliwanag kung saan iyon, para saan iyon at paano iyon ginastos.

Basta ang sasabihin lang ng isang senador o kongresman: "Sinesertipikahjan ko, pinatutunayan ko, na ang lahat ng pera ay ginastos ko sa MOOE at ginastos ko rin sa pagtupad ko bilang mambabatas."

Iyon lang at pipirmahan ang Certification at hindi na matutuos, mauungkat at masisilip ninoman, kahit ng COA, maliban lang kung gugustuhin ni Honorable Legislator.

Kung kinupit, kung ibinulsa, wala na tayong magagawa pa -- legalized corruption yan!

Kung binigyan mo ng P500 si Inday para mamalengke, pag-uwi niya, hihingiin mo ang resibo -- magkano ang biniling kamatis, luya, galunggong, gulay, itlog o mantika.

Kukuwentahin mo lahat, at kung may sukli, kukunin mo iyon at kung walang resibo o mali ang kuwenta, masakit na kurot sa singit ang aabutin ni Inday.

Sa Concurrent Resolution ni Honorable, tayo pa ang makakatikim ng kastigo, baka kasuhan pa tayo, kapag humingi tayo ng resibo at sabihing "HindiMOOEperayan."

Magkomento sa taparaneliseo@gmail.com

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON RUBEN MOJICA GONZALES WITH GENERAL RENUNCIATION OF RIGHT'S

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **RUBEN MOJICA GONZALES,** who Died on December 25, 2016 at San Diego, California, USA, Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-99 398 embrace with Tax Declaration No. F-011-05226 Located in brgy. Pamplona, tres Municipality of Las piñas, province of rizal (204) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Jasper c. Sales Under DOC. No. 518 Page No. 165 Book No. 14 Series of 2024 Notarized Date: January 22, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

Notice is hereby Given that the ESTATE of **LORENZO F. ALMIRANEZ,** who passed away last August 28, 2021 in kawit, cavite Left the following account described as follows, bank: metrobank & trust company ( metrobank ) bacao-cepza branch account name: LORENZO ALMIRANEZ Woodworks account No. : 639-7-63902387-3 nature of account: current account balance as of January 15, 2024: 192,978.00 EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed before notary public atty. Joone Randy Rivera Under DOC. No. 325 Page No. 61 Book No. XVI Series of 2024 Notarized Date: January 17, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EULINIA S. ARCEO** with WAIVER missed to mention / declare with the lawyer that the brother DENNIS STA. CRUZ And RUTH STA CRUZ were Deceased already dated august 5, 2014 and June 30, 2019 this instrument refors to an addendum EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT of ESTATE of the late EULINIA S. ARCEO, Executed before notary public atty. Vivien lucido noble Under DOC. No. 131 Page No. 18 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: October 07, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CESAR BANDALAN MODINA WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **CESAR BANDALAN MODINA** who Died on February 6, 2020 at muntinlupa city Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. T-213554 Situated in brgy. Buenavista, Gen. Trias, cavite (692) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. 40 Page No. 46 Book No. 159 Series of 2024 Notarized Date: January 10, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH ASSUMPTION OF MORTGAGE WITH TRANSFER OF RIGHTS.

Notice is hereby given that the estate of the late **BENIGNO DAMIAS VILLENA,** who died last May 05, 2023 at Trece Martinez City, Cavite left a parcel of land covered with Entry Pass Control no. 429473 including improvements situated in BLK.98 lot 1 ph. 1, golden horizon project project, brgy. Hugo Perez, Trece Martirez City, Cavite, extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public atty. Jasper C. Sales under doc. No.425 page no. 86 book no. 14 series of 2023 notarized date: December 19, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF LORENZO FLORES ALMIRANEZ

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **LORENZO FLORES ALMIRANEZ,** who Died on August 28, 2021 in brgy. Magdalo, kawit, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-1246694 Situated in the Bo. Of buenavista, Municipality of Gen. Trias, cavite (650) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. Joone randy Rivera Under DOC. No. 324 Page No. 61 Book No. XVI Series of 2024 Notarized Date: January 17, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED IRENEO A. VARIAS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **IRENEO A. VARIAS** who Died on November 9, 2003 in kaytitinga 3, alfonso, cavite covered By Tax Declaration No. 01- 0011- 00008 issued by the provincial assesor office, located at kaytitinga 3, Alfonso, cavite (10,000) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Teresita sese Ruelos, Under DOC. No. 495 Page No. 99 Book No. XVI Series of 2021 Notarized Date: July 19, 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE BERNARDO QUILAO SANTIAGO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **BERNARDO QUILAO SANTIAGO** who Died on February 12, 2010 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-231996 Situated at brgy. Pasong buaya, Municipality of Imus, cavite (100) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC No. 159 Page No. 91 Book No. 153 Series of 2024 Notarized Date: January 09, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **BIBIANO R. ANGELES**, who Died on July 09, 1977 and **NATIVIDAD B. ANGELES,** who Died on July 23, 1997 left a parcel of Land covered By Lot 1434, tax Declaration No. AA-13- 0020-00334 Situated in brgy. Pinagsanhan maragondon, cavite (105,357) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava Under DOC. No. 122 Page No. 25 Book No. XXIII Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ISIDRO U. ALLERA JR. WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **ISIDRO U. ALLERA JR.** Who Died on February 05, 2021 in pateros, metro Manila, Left a parcel of Land located at brgy. Alapan 2, city of Imus cavite (44) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Joselino m. sucion CPA, Under DOC. No. 303 Page No. 61 Book No. 7 Series of 2024 Notarized Date: January 17, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EULINIA S. ARCEO** Who Died on March 26, 2008 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-186887 Situated in the Municipality of Imus, cavite (254) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. VIVIEN LUCEDO NOBLE Under DOC. No. 156 Page No. 27 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: September 28, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the **EULINIA S. ARCEO** who Died on March 26, 2006 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 630757 Situated in the Municipality of Imus, cavite. (500) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. VIVIEN LUCIDO NOBLE Under DOC. No. 157 Page No. 27 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: September 29, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late spouses **APOLONIO PEROLINO and SOTERA INCAPAZ,** who Died on September 21, 1991 and January 16, 1978 at maragondon, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA-130019 00122 Situated at brgy. Pantihan 4, maragondon, cavite Containing an area of (10.000) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 244 Page No. 49 Book No. 159 Series of 2024 Notarized Date: January 11, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 22, 29 & FEBRUARY 5, 2024**

# Mary Rose Guiral, waging Miss Universe Philippines – Naic 2024

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 17 10.00 JANUARY 22 - 28, 2024



**REVANZE**

**by Domz B. CAOILE**

ITINANGHAL at kinornahang Miss Universe Philippines-Naic 2024 si Miss Mary Rose Guiral sa finale ng patimpalak na ginanap noong Linggo, Enero 21 sa plaza ng Naic, Cavite.

Sa kanyang panalo, opisyal na kinatawan ng Naic si Guiral sa taunang timpalak na Miss Universe Philippines 2024.

Naisagawa ang Miss U Phillppines-Naic 2024 bunga ng sipag at pagsisikap ni Miss Jacinta Remulla na nagtitiwala na ang kababaihang Naicquena ay taglay hindi lamang ang ganda, kungdi ang talino at karisma para sa lalahukang pandaigdigang timpalak kagandahan.

Si Mary Rose Andal Guiral ay mula sa Barangay Bancaan; siya ay nagtapos ng kursong mechanical engineering sa Polytechnic University of the Philippines in Alfonso, Cavite.

Siyam na iba pang kalahok sa lokal na beauty pageant ang piangwagihan ni Mary Rose,

Iba pang nagawi ay sina: 1st Runner-Up – Sheela Aniel ng Barangay Calubcob; 2nd Runner-Up – Hyacinth F. Cayetano, Ibayo Silangan; 3rd Runner-Up – Kaye Pastelero, Labac.

Sa finale, isa pang binibini mula sa Bancaan, si Jezreal De

*Sundan sa pahina 6*



Lady Jacinta Remulla






















## GC Technik Armoring Industries: 100 Certified European Technology!!




We ARMOR / BULLETPROOF all types of vehicles using EUROPEAN TECHNOLOGY including Parts Repair and Upgrade!

Trusted and Tested by the VIPs and Government Personnel
Clear Ballistic Glass Without Distortion
Lightweight Ballistic Materials
Military Specifications
40% lighter than the competition
Certified Armoring Company

Recognized and Awarded in Europe for Quality and Technology
We also install Bulletproof Glass and Ballistic Panels on Private and Commercial Spaces, Buildings, Houses, Frigates, Boats, and all areas that needs protection.

MESSAGE us for faster transaction! SMS/TEXT/VIBER 09075137923
Lot 5628 CGcTechnik Bldg., Ilaya proper. Vermosa Lone Pasong Buaya 2, Imus City, Cavite, Philippines

Be safe get Armored!!

